VF0335

MGA BAGAY
NA DAPAT MALAMAN
TUNGKOL SA

R A B I S

ANO ANG RABIS ?

Ang rabis ay isang mapanganib na sakit na nakahahawa at nakamamatay. Ito ay sanhi ng mikrobyong bayrus na maaaring ilipat ng hayop sa tao o sa kapwa hayop sa pamamagitan ng kagat nito.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may mataas na kaso ng rabis.

PAANO KUMAKALAT ANG RABIS ?

Ang rabis bayrus ay matatagpuan sa laway ng hayop na may rabis. Ang isang tao o hayop ay maaaring magkasakit ng rabis kapag ang laway na ito ay pumasok sa kanyang katawan sa pamamagitan ng kagat ng hayop na may rabis, o ng sugat.

Ang karaniwang hayop na nagdadala ng rabis ay ang aso. Ang iba pang mga hayop na maaring magkalat ng rabis kapag nakakagat ay pusa, unggoy, baboy, daga, paniki, baka, kambing, kabayo at kalabaw.